**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**October 28, 2021 (11:00 A.M – 11:57 A.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga Pilipinas. Muling makiisa sa aming talakayan ngayong araw ng Huwebes dahil pag-uusapan po natin ang mga pagbabago sa karakter ng nilalabanan nating coronavirus at ang epekto ng COVID-19 sa sektor ng transportasyon at pagninegosyo sa bansa.

Mula po sa PCOO, ako po si Usec. Rocky Ignacio. Mga kababayan, simulan na po natin ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Laking pasasalamat ng ilang pasyente nang kaagad silang matulungan ng kabubukas pa lamang na Malasakit Center sa Las Piñas. Daang-daang medical frontliners at pasyente naman po ng ospital ang binigyan ng ayuda ng tanggapan ni Senator Go. Narito po ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Narito naman po ang pinakahuling datos ng COVID-19 cases sa bansa base po sa report ng DOH, as of 4 P.M., October 27, 2021:

· Nadagdagan ng 3,218 ang mga bagong kaso kahapon kaya umakyat na sa 2,768,849 ang kabuuang bilang ng COVID-19 cases sa bansa.

· Sumampa naman po sa 271 ang naitalang nasawi kaya umabot na sa 42,348 ang total COVID-19 deaths.

· 6,660 naman po ang new recoveries kaya umakyat na ito sa 2,676,349 ang total recoveries.

· Ang active cases naman natin sa kasalukuyan ay bumaba na sa 50,152 katumbas po iyan ng 1.8% ng kabuuang bilang ng mga tinamaan ng COVID sa bansa.

Dahil po sa patuloy na vaccination rollout at mahigpit na pagpapatupad ng quarantine protocols sa iba't ibang bahagi ng bansa, bumababa na po ang kaso ng COVID-19 sa kapuluan kaya't inilagay na rin po tayo sa low risk classification pero may nagsusulputan din ngayong bagong mutation ng virus. Ang tanong: Dapat na ba itong ikabahala ng publiko? Alamin natin iyan kasama po natin si Dr. Alethea De Guzman, ang Director ng Department of Health-Epidemiology Bureau. Good morning po, Doc.

**DR. DE GUZMAN:** Magandang umaga po Usec. Rocky at sa lahat ng nanunood/nakikinig sa atin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, unahin na po natin itong ilang araw bago po magtapos ang Alert Level 3 sa Metro Manila, ano pong mga factors ang kinu-consider ngayon ng Department of Health bago ito tuluyang maibaba sa Alert Level 2 by November? At base po sa mga factors na ito, handa na ba ang Metro Manila dito po sa mas maluwag na alert level?

**DR. DE GUZMAN:** Thank you, Usec. Rocky 'no. So una, simulan ko po sa national data natin na tama po, tayo ay nasa low risk na case classification dahil ang ating two-week growth rate ay negative na at bumaba na po 'no to low risk ang ating average daily attack rate at 5.06 per 100,000 population. Ang pagbaba ng kaso nationally ay nararamdaman din doon sa ating utilization rates dahil ang utilization rate para sa lahat ng kama para sa COVID at sa mga ICU beds ay pareho na rin pong low risk.

Dito naman po sa National Capital Region, tayo po ay nasa moderate risk case classification pa dahil bagkus negative na po ang ating two-week growth rate, ang ating average daily attack rate ay nasa high pa po – umaabot pa po tayo sa 7.35 per 100,000 population. Subalit tulad ng datos natin sa national, ang utilization rate sa National Capital Region ay naibaba na rin po natin under 50% 'no – both sa total bed at iyong ICU utilization natin.

Ngayon kung tayo ba ay handa na na tuluyan bumaba to Alert Level 2, ito ay bagay na [garbled] po natin sa IATF and of course with our MMDA 'no and our NCR [unclear]. Napakahalaga nga po talaga na ang ating LGU ang handa na una, iyong kumbaga Alert Level 2 ay iyong dagdag na mga opening up ng ating sectors sa ating 3Cs – iyong mga crowded, close at areas na mayroong mataas na tsansa ng close contact.

At ikalawa din po 'no, iyong ating mga kababayan na even though tayo ay unti-unting bumababa ng alert level ay iyong pagmimintina ng adherence sa atin pagma-mask, paggamit ng face shield, physical distancing at iyong pag-avoid pa rin po 'no, pag-attend sa mga crowded places or iyong pag-minimize ng attendance to social gatherings din po 'no.

At gusto lang naming idagdag na kasama naman po ng ating pag-implementa ng community quarantine na policy shift na 'to ay iyong tuluy-tuloy na pag-implement ng tinatawag nating mga granular lockdowns kung saan even hindi na tayo nag-i-impose nang malawakang lockdowns ngayon, tinitingnan na lang natin ang mga lugar na mayroong pagtaas ng kaso at doon natin ini-impose ang lockdown 'no para doon natin ma-control ang ating mobility.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Doc, ano po ang paliwanag sa kabila po ng bumababang new COVID cases, mataas naman daw po 'yung daily reported death cases natin.

**DR. DE GUZMAN:** Actually ang nakikita natin, Usec. Rocky, ay bumababa ang ating mga deaths. Siguro iyong tinatawag pong—iyong araw-araw na nari-report, ito po kasi ay nakabase kung ano 'yung mga na-validate natin na deaths for the day.

Remember po, tayo ay nagri-report lamang ng isang validated death kung siya po ay confirmed case, kung tayo po ay may valid date of death at valid cause of death. Pero kapag ito, tiningnan na natin base kung kailan po talaga nangyari iyong death na ito, makikita natin mas mababa iyong mga deaths na nangyari ngayon pong Oktubre kumpara noong Setyembre at Agosto. We

peaked at a hundred sixty-eight deaths per day noon pong September, at ngayon po tayo ay nag-a-average na lamang ng 68 deaths per day.

Pero ganoon pa man, kahit na nga sa pagbaba ng kaso at mga deaths, tayo ay tuluy-tuloy na nagpapaalala na kailangan iyong ating pagsunod sa mga protocols para makita natin iyong continuous decline of our cases, utilization rates, as well as our fatalities.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dok, pero kumusta naman po iyong monitoring natin isang linggo matapos ilagay na rin sa alert system iyon pong ilang mga probinsiya. Posible po bang i-recommend ng DOH na lawakan pa ito sa ibang mga lugar sa bansa?

**DR. DE GUZMAN:** Salamat, Usec. So tayo, kapag tayo ay nagmu-monitor ng ating mga pilot areas, mayroon tayong ilang tinatawag na metrics na binabantayan. Liban sa mga nabanggit ko po na average daily attack rate, two-week growth rate at utilization rates, mahalaga po na binabantayan din natin iyong aktuwal na pag-implementa ng mga policy shift na ito sa pilot areas natin at kung nagkakaroon po ba tayo ng improvements doon po sa tinatawag natin 'no na PDITR indicators. Sa ngayon, iri-report back natin na mayroon pong mga areas na nakakakita tayo ng improvements in their case data and utilization data subali't nakakaisang linggo pa lamang tayo.

So mas maganda pong balikan kung ano po iyong naging epekto nitong policy shift na ito sa mga areas na in-expand natin ang pilot makaraan siguro ng isa or dalawang linggo, at doon din namin mairi-report kung tayo din ay nakakita ng improvements in their PDITR indicators. So halimbawa po, sa ating NCR pilot, nakita natin sa ating mga granular lockdowns iyong ating oras, iyong pag-iksi ng oras mula nang mahanap natin ang kaso hanggang siya ay ma-isolate, napababa natin in just two days. So ito iyong iilang indicators na gusto nating [ma-monitor] at makita na ito rin ba iyong mai-implement or madyi-generate natin sa additional pilot areas natin.

So patungkol naman po kung tayo po ay tuluy-tuloy na mag-i-expand ng pilot, ito po ay pag-uusapan po sa mga susunod na IATF meetings pa rin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dok, base po sa media reports ay naglalabasan na nga po iyong mga tao sa public places kasama na diyan po iyong mall pati iyong Dolomite Beach. Nakikita po ba natin iyong pagkukumpulan ng mga tao? Tapos iyong DOTr, Dok, pinaplano na po na 100% seating capacity sa mga pampublikong transportasyon. Hindi po ba raw ito magiging sanhi ng rebound infection?

**DR. DE GUZMAN:** So tayo po ay tuluy-tuloy na nagpapaalala na despite the decline in our cases, utilization rate and deaths, this is not the time to be complacent 'no. Kailangan po tuluy-tuloy iyong ating pagsunod sa mga ginagawa nating protocols. We need to be able to sustain iyong gains nito kasi tayo ay tuluy-tuloy na mas magiging magalaw 'no, tinatawag nating mag-i-increase ang mobility natin dahil binubuksan natin ang mga sectors. Pero habang tayo ay nagbubukas ng mga sectors, napakahalaga iyong additional safeguards. One of that is wearing your mask at all times and correctly wearing your mask; use your face shield 'no. So sa ngayon naglabas ng joint secular na mayroon pong designated na mga lugar na dapat naka-face shield pa

rin tayo at kasama diyan iyong mga tinatawag nating 3Cs ‘no – iyong indoor na dine-in natin, personal services and other gatherings na ginagawa natin indoor.

Ikalawa, iyong pag-practice pa rin ng physical distancing. So kung tayo man ay pupunta sa mga outdoor places, sa park or sa beach po, mahalaga pa rin iyong pag-maintain ng at least one meter na physical distance from each other po ‘no.

The third is always practicing iyong ating tinatawag na infection prevention and control measures like sanitizing or handwashing your hands ‘no basta mayroon po tayong mga nahawakang surfaces.

And the last is getting yourselves vaccinated ‘no. Napakahalaga na hindi lamang tayo makakuha ng unang dose pero kumpletuhin po natin ang dose para maiampat po sa atin iyong karampatang proteksiyon na inaalay ng ating bakuna which is preventing us from getting severe and critical disease.

**USEC. IGNACIO:** Dok, bilang paghikayat po sa mga turista, may ilang mga probinsiya na hindi po nagri-require na ng RT-PCR para sa fully vaccinated. May nakikita po ba kayong posibleng maging conflict din dito?

**DR. DE GUZMAN:** Ang DOH po ay hindi nagma-mandate po ng testing at our local borders. Pero ang atin pong nirirekomenda ay magkaroon po ng tinatawag nating clinical and exposure screening. Ibig sabihin, iyong mga darating po, alamin natin, sila po ba ay mayroong any sign or symptom ng COVID; at ikalawa, sila po ba ay may recent exposure to a probable or confirmed case. Masasabi ng ating mga eksperto ang ganitong screening ay puwedeng maka-identify up to 90% of iyong mga suspect ng mga COVID-19 cases natin.

But of course, we respect naman po our LGUs, [that they] are able to implement their own protocols po. Some of them, they do require RT-PCR testing pa rin regardless of vaccination status while others will actually allow looser protocols for the fully vaccinated. So ito naman po ay nasa discretion din ng ating LGU, subali’t from the Department of Health, napakahalaga ng clinical and exposure screening at our borders.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Dok, may ilang mutations na naman po na nakita sa COVID-19. Nandiyan po iyong variant na galing sa Mauritius at ang natuklasan din pong Delta variant mula po sa United Kingdom. Can you tell us more about it? At dapat po ba itong ikabahala ng ating mga kababayan lalo ngayon po na nagluluwag tayo ng restrictions, Dok?

**DR. DE GUZMAN:** Kasama po ng pagbabantay natin sa Department of Health at ng Epidemiology Bureau ay kung mayroong mga bagong variants of concern or variants of interest na lalabas. Ito po ang tinatawag nilang sub-lineage ng Delta [variant] which is the AY.4.2 ay hindi pa po naka-classify as a variant of concern or variant of interest ‘no. Ang tawag sa kaniya ay variant under monitoring. Siya po ay binabantayan kasi mayroon po siyang tinatawag nga nating mga mutations na kahawig ng Delta ‘no, at tulad ng Delta ay may potensiyal na maging highly transmissible. Mayroon na ngang mga lugar kung saan ito ay iyong mas common ‘no na

nakikita na variant sa kanila subalit hindi nakakakita ngayon ang World Health Organization ng mabilisang pagkalat ng ganitong klaseng variant in other countries.

Locally, ito ay kasama sa mga binabantayan natin at sa ngayon, ito ay hindi pa natin nadi-detect ‘no in any of the samples that we are sequencing. Pero liban sa pagbabantay at pagmu-monitor ng mga ganitong variant, doon po pumapasok iyong halaga ng pagsunod doon sa ating mga international border protocols po. So kailangan nandoon pa rin iyong pagbabantay sa ating borders so that nakikita natin among our incoming travelers, will there be samples’ test in positive for these variants under monitoring; at ikalawa, para tayo ay ma-safeguard ay iyong pagsunod doon sa tinatakda na testing and quarantine protocols based on the vaccination status and ikalawa, base sa kung saan nanggaling bansa ang ating mga international arrivals.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Dok, how about iyon pong naunang Delta variant, bumagal na ba iyong pag-spread nito kasama na rin po iyong iba pang variants, kagaya po ng Alpha at saka ang Beta?

**DR. DE GUZMAN:** Sa ngayon po ang pinaka-common pa rin natin na nasi-sequence ay ang Delta variant ‘no. Base doon sa huling datos natin, iyon pong mga samples na na-sequence natin na ang collection date ay nito pong Oktubre, 97% ‘no, of our samples are testing positive po for Delta subalit nakakakita pa rin tayo ng Alpha and Beta variants.

Ano po iyong gusto nating iparating doon sa datos na ito? Ang mga variants of concern ay nandito, they are highly transmissible. That means it is very important for us t be very adherent to the practice of masking and other MPHS protocols kasi nakita naman natin kung anumang variant ang dala ng isang confirmed case whether siya ay isang variant of concern or hindi ang mga MPHS natin are very effective measures to prevent transmission from that infected person to other individuals or you as a non-infected individual it can prevent you from becoming infected.

At ikalawa is, let’s get ahead of these variants. Very important po ang ating vaccination, nakita natin even with Delta naiiwang mataas iyong kinu-confer na protection against severe disease and fatality ng mga bakuna na ginagamit natin subalit napakahalaga nga na hindi lamang po isang dose pero kumpletuhin po natin ang dose para po makuha natin iyong full protection ng ating mga bakuna.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc, balikan ko lang po iyong tungkol sa COVID case sa reporting ng Department of Health ano po. Sa mga iniri-report ngayon ng DOH, kasama na po ba diyan iyong result ng mga rapid antigen at kung hindi pa, posible pa po bang tumaas ang reported cases kapag ipinasok na po ito o isinama na po sa pagri-report ng DOH?

**DR. DE GUZMAN:** Sa ngayon po, hindi pa po natin idinadagdag sa ating tinatawag na total confirmed cases iyong mga nagpupositibo or nagiging confirmed gamit ang rapid antigen test. Kinukuha po natin ang datos na ito mula sa local government units natin at health facilities at iyon po ang ina-analyze po ng Department of Health.

Sa ngayon, pinag-aaralan po natin kung paano po natin ito ire-report at kung paano po ito mas maklaro na maipaliwanag sa ating publiko. Mayroon po tayong mga naidadagdag, posible nga pong may maidagdag pero sa ngayon po iyong nari-report natin ay hindi po magiging dahilan iyong dagdag na antigen test reported sa atin upang magbago iyong ating risk classification, tayo po ay naiiwan pa rin nationally at low risk at ang NCR at moderate risk case classification.

**USEC. IGNACIO:** All right. Maraming salamat po sa pagsama sa aming programa, Dr. Alethea De Guzman, ang Director ng Department of Health Epidemiology Bureau. Mabuhay po kayo! Stay safe, Doc.

**DR. DE GUZMAN:** Thank you po, USec. Rocky. Good morning.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, ngayon po ang huling araw para makadalaw ang mga kababayan natin sa mga sementeryo sa buong bansa dahil isasara po simula bukas hanggang November 2 ayon po sa utos ng DILG.

Kaugnay niyan, kumustahin po natin ang lagay ngayon—

Paalala lang po sa publiko, base po sa Proclamation 1107 ni Pangulong Duterte, idineklara na Special Working Holiday ang November 2 o All Souls' Day. Ibig sabihin, balik trabaho na po sa nasabing petsa. Kasama rin sa mga araw na idineklarang may pasok ang darating na December 24 at December 31st.

Samantala, hanggang October 30 lamang po ang extended voter's registration sa bansa. Sa Sabado na po iyan kaya may tatlong araw na lang po kayo bago ito tuluyang magsara. Kaya kung kayo po ay kuwalipikadong magparehistro, huwag na pong sayangin ang pagkakataong makaboto sa darating na 2022 Elections.

Bukas po ang Comelec sites mula alas nuwebe ng umaga hanggang ala-syete ng gabi ngayong Huwebes at Biyernes sa ilang piling lugar at alas otso hanggang ala-singko ng hapon naman sa Sabado.

Para po sa ibang detalye sa operasyon ng PITX ngayong mag-Uundas at Kapaskuhan, makakausap po natin si sir Jayson Salvador, ang head po ng Corporate Affairs and Government Relations ng Parañaque Integrated Terminal Exchange.

Good morning po, sir!

**ATTY. SALVADOR:** Good morning po, ma'am Rocky at good morning po sa lahat ng nanunood at nakikinig sa ating lahat ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kumusta po iyong obserbasyon ninyo pagdating sa volume ng mga pasaherong pumapasok at lumalabas sa Metro Manila nitong nakaraang buwan mula po nang ipatupad ang Alert Level System dito po sa Metro Manila?

**ATTY. SALVADOR:** Ma'am Rocky, ramdam na ramdam na po natin ang muling pagbabalik-sigla ng ekonomiya natin as evidence by the increased in number of passengers dito po sa PITX 'no.

Kung hindi ninyo po nababalitaan, ang pasahero po natin ngayon ay umaabot na sa fifty to fifty five thousand a day magmula po iyan noong inilagay po tayo sa Alert Level 3. Mula po ito doon sa twenty to twenty-five thousand a day noong kahigpitan pa po ng noong ating mga protocols. So, talagang malaki na po ang itinalon niyan kaya naman tayo po ay natutuwa at nakikita na nating nagbabalik na po sa normal iyong buhay po ng ating mga kababayan.

Pero sa kabilang banda po nito, siyempre nangangamba rin po tayo dahil sa pag-i-increase po ng mga passengers natin eh siyempre kaakibat pa rin po niyan iyong dalang peligro ng COVID-19. Kaya naman ang ginagawa natin, sinisigurado po natin iyong mga health protocols po dito sa PITX ay mahigpit na ipinatutupad lalung-lalo na po ngayon na tumataas na po iyong bilang ng mga pasahero.

Ang ginawa po natin unang-una ay nagdagdag po tayo ng mga tauhan natin 'no, mayroon po tayo rito iyong tinatawag natin na mga COVID-19 Safety Ambassadors. Ito pong mga kawani na ito ay walang ginawa kung hindi mag-ikot po sa terminal natin at magbantay ng mga violations ng health protocols. So, sila po ay umiikot, nagpapaalala na isuot po iyong face shield at mag-maintain po ng social distancing.

Bukod po rito ay nakipag-coordinate rin po tayo sa ating mga regulating agencies upang sa ganoon ay alalayan din po tayo 'no sa pagpapatupad nitong mga health protocols, nandiyan po iyong PNP Parañaque, lagi pong nasa atin iyan at nakaagapay. Nandiyan din po ang iACT, ang LTO at LTFRB, at tinutulungan po nila tayo para maging maayos po lahat dito sa PITX.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, ilang araw bago nga iyong Undas eh ramdam ninyo na po iyong pagdagsa ng mga pasahero ano po. Ilan po ba kada araw ang ina-accommodate o puwedeng ma-accommodate ng PITX?

**ATTY. SALVADOR:** Well, ang disenyo po ng PITX ay kaya po talagang mag-accommodate ng one hundred twenty to one hundred fifty passengers a day. So, sa ngayon po, umaabot na po tayo ng fifty to fifty-five thousand, pero sa darating pong weekend, ma'am, inaasahan natin papalo pa po ito ng around sixty to sixty-five thousand.

Kaya naman puspusan pa rin po ang paghahanda natin, pakikipag-coordinate natin sa gobyerno upang sa ganoon tiyakin po na hindi lamang ligtas iyong pagbiyahe nila dito kung hindi wala pong pagkakaabala. At tinitiyak po natin na may sapat na bilang po tayo ng mga pampublikong sasakyan upang sa ganoon eh maihatid naman po nang maayos at ligtas iyong ating mga kababayan sa kani-kanilang probinsiya.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kasama po ba sa paghahanda na iyan iyong dagdag na bus units na bibiyahe kasi bukod po sa Undas eh parating na rin po iyong Pasko; papaano ninyo naman pinaghahandaan ito, Attorney?

**ATTY. SALVADOR:** Tama po, ma'am/USec. Malaking parte po ng paghahanda natin iyong pagdagdag po ng bilang ng ating mga pampublikong sasakyan kasi alam ninyo naman po hanggang sa ngayon nasa 50% capacity pa lang po iyong mga bus natin kaya naman dahil diyan eh mas kinakailangang po ng mas maraming units.

Tayo po ay nakipagtulungan na sa DOTr, sa LTFRB, at sa mga partner operators po natin upang tiyakin na sapat po iyong fleet nila. Sa katunayan, nagdagdag na po sila, kasi noon po ma'am Rocky, nag-a-average lamang po tayo ng 1,200 pero noong nag-Alert Level 3 po tayo, tumaas na po iyan sa 1,500. Eh, ngayon po na gugunitain natin ang ano, baka nakikita natin—baka mag-increase po tayo up to 2,000 buses a day.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero iyong nakikita ninyong ganoon, kasama na rin po diyan iyong plano ng DOTr na pataasin pa iyong seating capacity ng mga pampublikong transportasyon sa 100%. Sang-ayon po ba kayo rito o base po sa observation ninyo sa terminal, puwede na po bang payagan ito na hindi po makukompormiso iyong kalusugan ng ating mga pasahero?

**ATTY. SALVADOR:** Well, ayon naman sa pagtaya natin, karamihan naman po ng bumibiyahe or lumalabas po ngayon ay mga fully vaccinated na. So kung ito po iyong magiging batayan eh sang-ayon po tayo na kahit papaano na taasan na po nila iyong capacity ng mga pampublikong sasakyan para hindi naman po mahirapan iyong ating mga kababayan.

Kasi ang nangyayari po dahil sa 50% capacity, medyo naiipon po iyong mga pasahero natin at sa kabilang banda medyo nahihirapan na rin naman po i-sustain noong mga public utility operators iyong kanilang operations kasi bagkus noong pagtataas ng presyo ng krudo tapos kalahati lang po iyong maisasakay nila, medyo hirap po talaga iyong operations nila.

So, kung mai-ensure po natin na kahit papaano eh mami-maintain po iyong ating mga minimum health standards plus the fact na bakunado na po sila eh sang-ayon po kami na taasan na po iyong ating bilang or capacity para sa mga pampublikong sasakyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Bakunado na rin po ba iyong mga empleyado at transport workers diyan sa PITX, Attorney?

**ATTY. SALVADOR:** Naku, iyan po ang ipinagmamalaki namin, kasi ang unang-una nating ginawa ay sinigurado nating bakunado po lahat po ng empleyado ng PITX. Hindi lang po sila kundi pati na rin po lahat ng tenants natin, lahat po ng establishments dito at more importantly, pati po iyong mga transport workers natin. Sa pakikipagtulungan po natin sa DOTr, sa DOH at sa local government ng Parañaque, napabakunahan na po natin, Usec., lahat po ng mga transport workers po natin, kasama iyong mga drivers, conductors, pati po iyong mga dispatchers. Kaya wala pong dapat ipag-alala iyong ating mga pasahero na dadaan sa PITX, kasi tinitiyak po natin na lahat po ng tao rito ay bakunado.

**USEC IGNACIO:** Opo. Attorney, may pahabol lang na tanong si Leila Salaverria ng Inquirer ano po: Puwede po ba, clarify lang, ilang bus ang nag-o-operate sa PITX currently at kailan ang increase?

**ATTY. SALVADOR:** Well, sa ngayon, umaabot na po tayo, Ma'am Leila, ng around 1,800 buses per day. Magkasama na po diyan iyong city operations at saka provincial buses. But towards the weekend, since we are anticipating an increase pa sa ating mga pasahero ay naghahanda po tayo around 2,000 to 2,200 buses po.

**USEC IGNACIO:** Opo. Attorney, kahapon po nag-inspection si MMDA Chairman Benhur Abalos diyan sa PITX at nagsagawa po ng breath analyzer sa mga driver ng bus. Ito po ba ay regular na ginagawa naman ng inyong pamunuan para po sa ligtas na biyahe?

**ATTY. SALVADOR:** Opo, Usec., ito po ay kasama po sa malawakang programa natin na siguraduhin ang safety ng ating mga pasahero. Bukod po sa pag-i-inspect ng MMDA, mayroon din po kami ditong monthly testing na kasama naman po ang LTO. Dito tine-test naman po sila for drug-use. So may mga random drug testing din po tayo dito at bukod diyan, nagsasagawa rin po tayo ng mga random road worthy vehicle test, upang sa ganoon, tiyakin na hindi lamang iyong sasakyan ang aprubado, kung hindi pati iyong mga tsuper nito. Kasi alam naman natin malaking factor po ang kaligtasan sa kamay po ng mga tsuper. Kaya mini-maintain po natin ito every now and then nagkakaroon po tayo ng mga testing, upang sa ganoon, alam ng mga kababayan natin na kapag sa PITX, hindi po sila, maaaring nasa ilalim ng anumang ipinagbabawal na substance.

**USEC IGNACIO:** Opo. Attorney, ano na lang po iyong paalala ninyo sa mga bibili ng ticket sa PITX, ilang araw po ba dapat ang ilaan sa pagpapa-book ng ticket?

**ATTY. SALVADOR:** Ang paalala po natin sa mga pasahero natin, ayon na rin po sa tagubilin ng DOTr at ng LTFRB, kapag kayo po ay bibiyahe papunta sa mga probinsiya, kailangan po at least 48 hours or two days po iyong booking ninyo. Sa kadahilanan, para masigurado po unang-una na kayo po ay may sasakyan o maupuan, dahil alalahanin po natin, 50% capacity pa rin po. Pangalawa, dahil sa hinihingi po ng mga local government units sa inyong mga destination, iyong inyo pong mga pangalan, kasi gusto rin naman nila matantiya at malaman kung sinu-sino po iyong darating sa kanilang mga areas of responsibility. So, paalala lang po, mag-book po tayo ng maaga, para hindi po tayo mahirapan. At of course, gusto po nating ipaalala na iyong COVID-19 nandito pa rin po sa atin 'no, kaya kung hindi po talaga kailangang-kailangan iyong pagbiyahe, eh mas maganda na manatili po muna tayo sa ating mga pamamahay.

**USEC IGNACIO:** Opo. Attorney, ito po ay maraming nagtatanong na biyahero ano po, bagama't may pagluluwag daw po sa travel restrictions. Ano po ba iyong mga requirements na kailangang dalhin ng mga bumibiyahe at sa PITX pa lang po ba ay sinasala na iyong mga requirements per LGU? Kasi 'di po ba may ilang mga probinsya na may mga special travel requirements?

**ATTY. SALVADOR:** Tama po iyan, Usec, particularly po sa Bicol region, iyong mga bibiyahe pa po diyan, mangangailangan pa po sila noong tinatawag natin na RT-PCR test o iyong mga antigen testing. So, alamin po natin doon po sa ating mga end destinations sa Kabikulan kung ano po iyong mga requirement na hinihingi. Bukod po riyan, kailangan lang po ninyong dalhin ang inyong valid ID, para naman po may proper na pagkakakilanlan. Aside from this, wala naman pong masyadong hinihingi na. Ang importante lang ay i-maintain po natin iyong ating

mga health standards, katulad po ng pagsusuot ng face shield at ng face mask and of course mag-maintain po ng social distancing.

**USEC IGNACIO:** Opo. Attorney, kunin ko na lang po iyong mensahe ninyo sa ating mga kababayan na araw-araw po ay dumaraan diyan sa PITX, pati na rin po ang mga uuwi sa kanilang probinsiya, kasi po sunud-sunod na po iyan, Undas at magpa-Pasko?

**ATTY. SALVADOR:** Tama po. Unang-una gusto po nating magpasalamat [sa inyo pong himpilan] at sa pagkakataon na binigay po ninyo sa amin. Ang nais lang po nating ipabatid sa ating mga kababayan na dapat po eh magdala po tayo ng kaunting pasensiya kapag tayo po ay bibiyahe ngayon dahil alam naman po natin nasa kalagitnaan pa rin po tayo ng pandemya at marami pa pong health protocols na ipinatutupad at dahil dito magkakaroon po ng kaunting antala sa inyong pagbibiyahe. Pero huwag po kayong mag-alala, hindi naman po ito ginagawa upang kitilin ang inyong karapatan na bumiyahe, bagkus ito po ay ginagawa para maproteksiyunan po kayo at ang inyong mga mahal sa buhay. So, mag-ingat po tayong lahat.

**USEC IGNACIO:** All right, maraming salamat po sa inyong panahon at impormasyon, Sir Jason Salvador, ang head po ng corporate affairs and government relations ng Parañaque Integrated Terminal Exchange (PITX). Stay safe po, Sir.

Samantala, puntahan natin ang Parañaque Integrated Terminal Exchange, kung saan inaasahan nga po ang pagdating ng mga pasaherong uuwi ng kani-kanilang probinsiya. Si Bea Bernardo para sa update. Bea?

[NEWS REPORT]

**USEC IGNACIO:** Okay, maraming salamat sa iyong report, Bea Bernardo.

Ngayon nga po ang huling araw para makadalaw ang mga kababayan natin sa mga sementeryo sa buong bansa dahil isasara ito simula bukas hanggang November 2, ayon po sa utos ng DILG. Kaugnay niyan kumustahin natin ang lagay ngayon sa Manila North Cemetery. Nakabantay po doon si Naomi Tiburcio, Naomi?

[NEWS REPORT]

**USEC IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Naomi Tiburcio.

Samantala, aabot po sa higit 400 drivers at operators sa Pasay City at mga biktima ng pagbaha sa dalawang barangay sa Las Piñas City ang hinatiran ng tulong ng team ni Senator Go. Ang DSWD, namahagi rin ng hiwalay na tulong pinansiyal para sa mga piling benepisyaryo. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** At para naman po himayin ang alok na soft loan ng pamahalaan para sa mga employers na mamahagi ng 13th month pay sa kanilang empleyado ngayong Kapaskuhan,

makakausap po natin si Ginoong Bobby Bastillo, ang Vice President for Innovations and Advocacy at spokesperson po ng Small Business Corporation. Good morning po sir.

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Good morning, good morning USec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Sir, nabanggit po ng DOLE at DTI na mayroong soft loan na inihahanda ang pamahalaan para po tulungan itong mga employers na makapagbayad po ng 13th month pay ng kanilang mga empleyado. Kumusta na po iyong paghahanda ng pamahalaan tungkol dito?

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Inihahanda na po namin ang aming system kasi online application po ito USec. Rocky, at sa simula sa November 2 hanggang sa December 7 ay maaari na pong mag-apply ang mga maliliit na negosyo sa aming websites.

**USEC. IGNACIO:** Pero pagdating naman po sa coverage sino na lang po ang maaring mag-avail kasi nabanggit ninyo nga po maaari na kayong tumanggap ng mga mag-a-apply. Inaasahan pa ho ba natin na rin mai-extend ito sa mga employers na nangangailangan din po ng assistance para sa pagbabayad po ng 13th month pay ng kanilang mga empleyado?

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Gaya noong nauna nating naanunsiyo, gusto nating i-fast track ang programang ito. So, ang ating bibigyan ng loan ay iyong nasa listahan ng DOLE magmula noong March 2020 hanggang October 15, 2021 na nag-avail ng tinatawag na flexible work arrangement. Iyong two day work week, three day work week kasi po sila ang naapektuhan ng pandemya.

So noon pa man, last year pa man ay hinimok na sila ng DOLE na mag-submit sa DOLE ng kanilang sitwasyon at ang DOLE ay may data base po ng mga kumpanyang iyan, mahigit 11,000 po iyong micro at small na kumpanya na nag-abiso sa DOLE, nag-ano ng kanilang sitwasyon.

Kaya iyon po ang ating uunahing tulungan kasi hindi na natin magagawang i-validate pa iyong mga kumpanyang iyan isa-isa dahil maikli na lamang ang panahon bago mag-Pasko. So, ang gagawin natin tayo ay nakikipag-ugnayan sa DOLE, iyong listahan ng DOLE ang ating pagsisimulan, iyon ang ating aalukin o pagbubuksan ng loan facility para mabilis po. So, once nandoon sila sa listahan mabilis na po ang proseso.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Hinggil naman po sa requirements. Ano po iyong mga dapat i-submit ng ating mga employers para po makapag-avail nito at magkano rin daw po iyong maaari nilang ma-loan mula po sa nasabing programa?

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Okay, simple lamang po ang mga requirements nito, ito ay ano lamang. Pag sila ay nandoon na sa listahan ng DOLE kailangan na lang natin ng Barangay Business Permit kung maliit lamang iyong loan nila hanggang 50,000. Kapag lampas ng 50,000 iyong Mayors Permit, Iyon lamang po ang kailangan at saka iyong pag-apply doon sa aming system, mayroon pong applications doon na kailangan ifill-up ang mga mag-a-apply na kumpanya. Iyon po.

**USEC. IGNACIO:** Pero ano po iyong—

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Sorry po, iyong amount. May standard amount tayo na P12,000 per employee, bahala na po iyong kumpanya na mag-apportion niyan kasi ang DOLE naman nag-abiso na, iyong actual work hours or work days ang batayan ng pagku-compute ng 13th month pay.

Pero, iyong 12,000 parang sumisegundo siya doon sa ating minimum wage, batid po namin na maaring mas maliit doon o mas malaki ang kinakailangan per employee. Pero, standard na po ang gagamitin natin para simple lamang po. So, kung 10 ang empleyado nila times 12,000, 120,000 ang puwede nilang i-avail. Ito po pala ay open doon sa micro and small businesses na ang bilang ng empleyado ay bente pababa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero sir, ano po iyong magiging batayan o magkakaroon po ba ng criteria para po maging eligible sa nasabing loan application ang ating mga employers? Kinakailangan po ba na naka-rehistro at nakakapag-report ang mga employers sa data base ng DOLE para po sila mapasama sa loan program?

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Iyon po ang pangunahing criterion, iyong nandoon sila sa data base ng DOLE. Kasi, nag-report sila sa DOLE tiyak natin na sila ay, una, lehitimo, pangalawa, sila ay naapektuhan. So, pag nag-report sila sa DOLE kahit noon pang last year nandoon pa rin iyan sa data base ng DOLE.

Pangalawang criterion po ay iyon nga mayroon sila ng bilang ng empleyado na bente pababa. Ang logic po niyan ay sila po iyong mas nahihirapan na mag-comply doon sa mandato na mga kumpanya na magbigay ng 13th month pay.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero sir, maikukonsidera din po bang pasok sa data base ng DOLE ang mga employers na nakapag-apply noon sa CAMP program?

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Iyong CAMP kasi iyan iyong assistance ng DOLE doon sa mga empleyado na maaring naapektuhan ng flexible work arrangement. So, puwede silang humingi ng tulong sa DOLE. So, malamang kung iyon ay naapektuhan na mga kumpanya, so malamang naka-abiso sila sa DOLE na apektado sila, kasi ang DOLE naman ibi-verify din iyan eh.

So, kasi mayroong guidelines ang DOLE niyan noon pang March 4, 2020 kung ano ang gagawin, simpleng form lang ang pipirmahan, ang pi-fill-up-an ng mga kumpanya. So, kung nag-apply iyong mga empleyado nila ng assistance under iyong tinatawag na CAMP program malamang nandoon sila sa listahan. So, hinihikayat po natin iyong mga kumpanyang iyan na tiyakin lamang na sila ay nag-submit ng form na iyan sa DOLE para matiyak na nasa listahan sila.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kailan naman po inaasahang masisimulan itong loan program? December po ba iyong sinabi ninyo? At saan din maaaring sumangguni ang ating mga employers hinggil dito at gaano din kabilis po ‘yung magiging proseso dito sa loan application?

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Ito po ay magsisimula next week. November 2, bubuksan na po namin iyong loan program na iyan. So pumunta lang sila sa aming website –

sbcorp.gov.ph – tapos may makikita sila doon na icon or box nagsasabing “Apply for 13th Month Loan” so i-click lang po nila iyon at nandoon na po ‘yung mga instructions. Magsisimula po iyan ng November 2 at magtatapos ng December 7 para magkaroon po kami ng sapat na panahon para maproseso pa.

Ang mandatory doon sa ating batas ay dapat iyang mga ganiyang klaseng transaction, iyong [mga may bank payment na] transactions hanggang 20 days ang processing. Pero kami po ang target namin ay 7 to 10 days na processing per application kasi hindi naman gaanong kakomplikado iyong proseso.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir, may pahabol lang pong tanong si Sam Medenilla ng Business Mirror para sa inyo: Magkano po ang total funds na ia-allocate sa soft loan program at ilang companies po ang expected na mag-benefit dito?

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Okay. Salamat, Sam. Ang initial na tinabi naming pondo ay 200 million pero dahil nga [unclear] so iniakyat na namin siya sa 500 million. Ngayon puwedeng magkasya iyan doon sa mga tinatayang mga 6 to 7 thousand na mga kumpanya depende na lamang kung magkano ang i-apply nila kada kumpanya. Hindi kasi lahat doon sa 11,000 plus na iyan na nasa list ng DOLE ay mayroong empleyadong 20 pababa ‘no. Pero tinataya natin na siguro mga two-thirds siguro niyan. So maaari magkasya po iyan depende na lamang doon sa average loan na hihingin nila. So, tinitingnan natin na more or less puwede siyang magkasya.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sir Bobby, nasa inyo po ang pagkakataon na magbigay ng mensahe sa ating publiko, sa ating manggagawa, employers lalung-lalo na po sa talagang mga naapektuhan ng kasalukuyang pandemya.

**SB CORP SPOKESPERSON BASTILLO:** Okay. Salamat, Usec. Rocky. Nais po ng ating pamahalaan na makatulong sa ating maliliit na mga negosyo na makapagbigay ng 13th month pay sa kanilang empleyado na minamandato ng batas. So kami po ay naglaan, ang SB Corp ‘no, under DTI ay naglaan ng pondo hanggang 500 million para po makatulong. Ito po ay soft loan, walang interes at 12 months to pay at may 3 months na grace period bagama’t mayroon po itong service charge kasi mayroon din po tayong babayaran sa gobyerno rin na mga documentary stamps at iba pa po na administrative cost.

So iyon lamang po, wala po siyang interes at maaari na po silang magsimulang mag-apply mula November 2 hanggang December 7 at iyon nga lamang po, ang mga nag-abiso sa DOLE na sila ay naapektuhan magmula pa last year hanggang October 15, naapektuhan sila ng—[CUT]

**USEC. IGNACIO:** Okay. Nawala sa ating linya ng komunikasyon si Sir Bastillo. Kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin, Sir Bobby Bastillo, ang vice president for innovations and advocacy at siya rin po ang spokesperson ng Small Business Corporation.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, dumako naman po tayo sa Davao City. Muling nilinaw ni Mayor Sara Duterte na hindi na required ang pagsusuot ng face shields sa mga jeepney sa lungsod. Para sa detalye, may report si Hannah Salcedo:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** At iyan po ang mga balita at talakayang tampok namin ngayong araw. Ang Public Briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng PCOO sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

Mga kababayan, 58 days na lamang po at Pasko na.

Ako po si Usec. Rocky Ignacio, magkita-kita po ulit tayo bukas dito lamang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center